



Pag-usapan natin ang tungkol sa inyong mga alalahanin

Nakatuon ang aming mga paaralan sa pagbibigay ng de-kalidad na edukasyon sa lahat ng mag-aaral sa isang ligtas, inklusibo at nagmamalasakit na kapaligiran sa pag-aaral. Pinahahalagahan namin ang pakikipagtulungan sa mga magulang at tagapag-alaga bilang mga kasama sa edukasyon ng kanilang mga anak.

Mahalagang bahagi ng edukasyon ng inyong anak ang komunikasyon sa pagitan ninyo at ng inyong paaralan. Dapat kayong makadama ng pagtitiwala na makikinig kami at tutugon sa inyong mga alalahanin, makikipagtulungan sa inyo upang lutasin ang inyong mga reklamo.

Makipag-ugnayan sa inyong paaralan sa lalong madaling panahon na magkaroon kayo ng mga alalahanin. Ang pakikipag-usap sa guro ng inyong anak, sa year coordinator, sa pangasiwaan ng paaralan o sa punung-guro ang pinakamagandang lugar upang magsimula. Makipag-ugnayan sa paaralang upang isaayos ang isang appointment o kung mas gusto ninyo, mag-email, tumawag sa telepono o sumulat.

Maaaring hingin sa inyo na isulat ang inyong mga alalahanin kung kailangan ninyong sabihin sa amin ang tungkol sa marami o kumplikadong mga problema.

Makipag-usap sa punung-guro ng inyong paaralan kung:

- hindi ninyo nakamit ang kasiya-siyang resulta kasama ang guro o miyembro ng tauhan
- ang paksa ay tungkol sa ugali ng isang guro o miyembro ng tauhan
- ang paksa ay tungkol sa isang bagay na nakaaapekto sa edukasyon ng inyong anak.

Makipag-usap sa panrehiyong tanggapan ng inyong paaralan kung:

- naniniwala kayo na hindi nalutas ng paaralan ang inyong alalahanin
- ang paksa ay tungkol sa ugali ng punung-guro.

Makikita ninyo ang isang listahan ng mga panrehiyong tanggapan ng edukasyon sa aming website – education.wa.edu.au/contact

Magreklamo nang hindi nakikilala

Maaari kayong magreklamo nang hindi nakikilala, gayunman, maaaring maging mahirap na malutas ang problema kung hindi namin kayo makakausap tungkol sa mga detalye ng inyong reklamo.

Kumuha ng suporta

Maaaring maging napakahirap para sa ilang tao ang pagrereklamo. Maaari kayong kumuha ng suporta sa pamamagitan ng pagtawag sa linya ng pagpapayo sa mga reklamo sa 1800 655 985. Kayang magbigay ng suporta ng Parent Liaison Office sa pamamagitan ng pagiging isang liaison sa pagitan ng mga paaralan, panrehiyong tanggapan ng edukasyon, mga sentral na serbisyo, magulang at tagapag-alaga, at miyembro ng komunidad ng paaralan. Maaari kayong makipag-ugnayan sa Parent Liaison Office para sa payo anumang oras sa panahon ng proseso ng paghawak reklamo sa pamamagitan ng email: parentliaison@education.wa.edu.au

Paano magreklamo o kumuha ng karagdagang impormasyon:



Makipag-ugnayan sa inyong paaralan o panrehiyong tanggapan ng edukasyon. Humanap ng mga detalye sa pakikipag-ugnayan: education.wa.edu.au/schoolsonline



Tumawag sa linya ng pagpapayo sa mga reklamo: [1800 655 985](tel:1800655985)
8:30am hanggang 4:30pm Lunes hanggang Biyernes



Magreklamo at intindihin ang proseso ng pagrereklamo: education.wa.edu.au/complaints

Kung hindi kayo masaya sa paghawak sa inyong reklamo o naniniwala kayo na hindi makatuwiran ang resulta, maaari ninyong naisin na humiling ng isang malayang pagsusuri sa alinmang yugto ng buong proseso sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Ombudsman Western Australia – ombudsman.wa.gov.au

Kung mayroon kayong mga alalahanin, ang pakikipag-usap sa guro o punung-guro ng inyong anak ay ang pinakamahusay na lugar upang magsimula.